# *Pagkabuhay na Maguli at Paghatol*

Ano ang mangyayari pagkatapos nating mamatay? Lahat ay nagnanais malaman kung ano ang mangyayari, ngunit tanging Salita ng Dios, ang Bibliya, ang makapagsasabi sa atin, sapagkat Siya ang Dios magpakailanman. ***"Bago nalabas ang mga bundok, O bago mo nilikha ang lupa at ang sanglibutan, mula nga ng walang pasimula hanggang sa walang hanggan, ikaw ang Dios." (Awit 90:2 KJV)***

***Hebreo 9:27*** sinasabi na ang tao ay nakatakdang mamatay nang minsan lamang at pagkatapos noon ay haharap sa Paghuhukom, ***"27 At kung paanong itinakda sa mga tao ang mamatay na minsan, at pagkatapos nito ay ang paghuhukom." (Hebeo 9:27 KJV)***

Bakit lahat ng mga tao'y kailangang mamatay? ***Roma 5:12*** sinasabi na ang lahat ng mga tao ay mamatay dahil ang lahat ay nagkasala, ***"Kaya, kung paano na sa pamamagitan ng isang tao ay pumasok ang kasalanan sa sanglibutan, at ang kamataya'y sa pamamagitan ng kasalanan; at sa ganito'y ang kamatayan ay naranasan ng lahat ng mga tao, sapagka't ang lahat ay nangagkasala:" (Roma 5:12 KJV)*** Ang ***"isang tao"*** sa talatang ito ay ngpapahayag kay Adan na sa pamamagitan niya ang kasalanan ay nakapasok sa sanglibutan.

Ang kamatayan ay hindi katapusan ng pag-iral. Lahat tayo, mga mananampalataya at hindi mananampalataya, ay may dalawang pagtatagpo pagkatapos ng kamatayan:

1. Muling pagkabuhay para sa kawalang-hanggan.
2. Paghatol para sa kawalang-hanggan.

Sino ang muling bubuhayin para sa buhay? ***1 Corinto 15:22*** sinasabi, ***"22 Sapagka't kung paanong kay Adam ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin."*** Tayo na nanampalataya kay Cristo ay bubuhaying maguli para mabuhay.

Sino ang tatayo sa harapan ng hukuman ng Dios? ***Roma 14:10*** sinasabi, tayong lahat ay tatayo sa harapan ng hukuman ng Dios. ***"10 Datapuwa't ikaw, bakit humahatol ka sa iyong kapatid? at ikaw naman, bakit pinawalaang halaga mo ang iyong kapatid? sapagka't tayong lahat ay tatayo sa harapan ng hukuman ng Dios." (Roma 14:10 KJV)***

Paano muling babalik si Cristo? ***Mateo 25:31*** sinasabi na ang Anak ng Tao, si JesuCristo, ay babalik sa Kanyang kaluwalhatian at lahat ng mga anghel ay kasama Niya, at Siya ay uupo sa luklukan ng Kanyang kaluwalhatian, ***"31 Datapuwa't pagparito ng Anak ng tao na nasa kaniyang kaluwalhatian, na kasama niya ang lahat ng mga anghel, kung magkagayo'y luluklok siya sa luklukan ng kaniyang kaluwalhatian:" (Mateo 25:31 KJV)***

Bakit muling babalik si Cristo?

***1. Juan 14:3*** sinabi na babalik Siya upang tanggapin tayo upang makasama Siya, upang tayo rin ay mapasa kung nasaan Siya! ***Juan 14:3 "3 At kung ako'y pumaroon at kayo'y maipaghanda ng kalalagyan, ay muling paririto ako, at kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili; upang kung saan ako naroroon, kayo naman ay dumoon." (Juan 14:3 KJV)***

***2. 2 Tesalonica 2:8*** sinasabi na siya ay darating upang lipulin ang masasama, ***"8 At kung magkagayo'y mahahayag ang tampalasan, na papatayin ng Panginoong Jesus ng hininga ng kaniyang bibig, at sa pamamagitan ng pagkahayag ng kaniyang pagparito ay lilipulin;" (2 Tesalonica 2:8 KJV)***

***3. Mateo 25:32*** sinasabi na darating Siya upang pagbubukdinbukdin ang mga bansa para sa paghuhukom. ***"32 At titipunin sa harap niya ang lahat ng mga bansa: at sila'y pagbubukdinbukdin niya na gaya ng pagbubukodbukod ng pastor sa mga tupa at sa mga kambing;" (Mateo 25:32 KJV)***

***4. Mateo 25:34*** sinasabi na darating Siya upang itatag ang Kanyang kaharian, ***"34 Kung magkagayo'y sasabihin ng Hari sa nangasa kaniyang kanan, Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan:" (Mateo 25:34 KJV)*** Ito ay magaganap pagkatapos ng malaking kaguluhan na mababasa natin tungkol sa aklat ng ***Pahayag*** mga kabanata ***6-19.***

Ngayon pag uusapan natin ang tungkol sa pagkabuhay na maguli ng mga namatay, at ano ang mga pagbabago sa katawan ng tao sa muling pagkabuhay?

***1. Ang tao ay binubuo ng tatlong bahagi: espiritu, kaluluwa, at katawan, "23 At pakabanalin kayong lubos ng Dios din ng kapayapaan; at ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay ingatang buo, na walang kapintasan sa pagparito ng ating Panginoong Jesucristo." (1 Tesalonica 5:23 KJV)***

***2. Ang kamatayan ay nakakaapekto sa atin sa espiritwal at pisikal na aspeto.*** Ang kamatayan ay paghihiwalay at ito ay may dalawang uri.

***a) Ang espirituwal na kamatayan ay ang pagkakahiwalay sa Dios.*** Namatay si Adan sa espiritu matapos siyang magkasala. Tayo ay patay sa ating mga pagsuway at mga kasalanan, ***"1 At kayo'y binuhay niya, nang kayo'y mga patay dahil sa inyong mga pagsalangsang at mga kasalanan," (Epeso 2:1 KJV)*** hanggang sa naniwala tayo na binuhay tayo ng Dios kasama si Cristo. ***"13 At nang kayo'y mga patay dahil sa inyong mga kasalanan, at sa di pagtutuli ng inyong laman ay kaniyang binuhay kayo na kalakip niya, na ipinatawad sa atin ang ating lahat na mga kasalanan:" (Colosas 2:13 KJV)*** Ngayon, kapag tayo'y may pananampalataya kay Jesus tayo ay ipinanganak muli at espiritwal na nabuhay muli. ***"3 Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Dios. 5 Sumagot si Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios." (Juan 3:3,5 KJV)***

***b) Ang pisikal na kamatayan ay ang paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu mula sa katawan.*** Sa kamatayan, ang katawan ng tao na alikabok ay magiging hiwalay mula sa espiritu. ***"7 At ang alabok ay mauuwi sa lupa gaya ng una, at ang diwa ay mababalik sa Dios na nagbigay sa kaniya." (Mangangaral 12:7 KJV)*** Sa kamatayan, ang katawan ng tao ay bumabalik sa lupa at ang kanyang espiritu ay papunta sa Dios.

Ngunit ang ating tiyak na pag-asa ay habang patuloy tayong nagtitiwala kay Jesus at nabubuhay para sa Kanya, kapag Siya ay bumalik ay tatanggapin natin ang isang katawan na maluwalhati tulad ng Kanyang sariling maluwalhating binuhay na katawan. ***"35 Datapuwa't sasabihin ng iba, Paanong muling bubuhayin ang mga patay? at anong anyo ng katawan ang paparito nila? 42 Gayon din naman ang pagkabuhay na maguli ng mga patay. Itinatanim na may kasiraan; binubuhay na maguli na walang kasiraan; 43 Itinatanim na may pagkasiphayo; binubuhay na maguli na may kaluwalhatian: itinatanim na may kahinaan; binubuhay na maguli na may kapangyarihan: 44 Itinatanim na may katawang ukol sa lupa; binubuhay na maguli na katawang ukol sa espiritu. Kung may katawang ukol sa lupa ay may katawang ukol sa espiritu naman. 51 Narito, sinasaysay ko sa inyo ang isang hiwaga: hindi tayong lahat ay mangatutulog, nguni't tayong lahat ay babaguhin, 52 Sa isang sangdali, sa isang kisap-mata, sa huling pagtunog ng pakakak: sapagka't tutunog ang pakakak, at ang mga patay ay mangabubuhay na maguli na walang kasiraan, at tayo'y babaguhin. 53 Sapagka't kinakailangan na itong may kasiraan ay magbihis ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay magbihis ng walang kamatayan. 54 Datapuwa't pagka itong may kasiraan ay mabihisan ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay mabihisan ng walang kamatayan, kung magkakagayon ay mangyayari ang wikang nasusulat, Nilamon ng pagtatagumpay ang kamatayan. 55 Saan naroon, Oh kamatayan, ang iyong pagtatagumpay? Saan naroon, Oh kamatayan, ang iyong tibo? 56 Ang tibo ng kamatayan ay ang kasalanan; at ang kapangyarihan ng kasalanan ay ang kautusan: 57 Datapuwa't salamat sa Dios, na nagbibigay sa atin ng pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesucristo." (1 Corinto 15:35, 42-44, 51-57 KJV)*** Ang pisikal na pagkabuhay na mag-uli ay nangangahulugang muling pagbubuo at pagsasaayos ng katawan. Ang pisikal na pagkabuhay na mag-uli ay pamalagiang naghihiwalay din sa matuwid mula sa masasama. Sinabi sa ***Juan 5:28-29*** na ang mga gumawa ng mabuti ay muling mabubuhay para sa pagkabuhay na walang hanggan; at ang mga gumawa ng kasamaan ay muling mabubuhay para sa pagkabuhay na kaparusahan. ***"28 Huwag ninyong ipanggilalas ito: sapagka't dumarating ang oras, na ang lahat ng nangasa libingan ay makaririnig ng kaniyang tinig, 29 At magsisilabas; ang mga nagsigawa ng mabuti, ay sa pagkabuhay na maguli sa buhay; at ang mga nagsigawa ng masama, ay sa pagkabuhay na maguli sa paghatol." (Juan 5:28-29 KJV)***

Ang mga kabilang kay Cristo ay binuhay muli at naging buhay kapag dumating si Jesus ***"22 Sapagka't kung paanong kay Adam ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin." (1 Corinto 15:22 KJV) 2 Timoteo 2:19*** sinasabi sa atin na nakikilala ni Jesus ang sa Kanya, ***"19 Gayon ma'y ang matibay na pinagsasaligan ng Dios ay nananatili na may tatak nito, Nakikilala ng Panginoon ang mga kaniya: at, Lumayo sa kalikuan ang bawa't isa na sumasambitla ng pangalan ng Panginoon." (2 Timoteo 2:19 KJV) "13 Nguni't hindi namin ibig na kayo'y di makaalam, mga kapatid, tungkol sa nangatutulog; upang kayo'y huwag mangalumbay, na gaya ng mga iba, na walang pagasa. 14 Sapagka't kung tayo'y nagsisisampalatayang si Jesus ay namatay at nabuhay na maguli, ay gayon din naman ang nangatutulog kay Jesus ay dadalhin ng Dios na kasama niya. 15 Sapagka't ito'y sinasabi namin sa inyo sa salita ng Panginoon, na tayong nangabubuhay, na nangatitira hanggang sa pagparito ng Panginoon, ay hindi tayo mangauuna sa anomang paraan sa nangatutulog. 16 Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli; 17 Kung magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay***

***aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man. 18 Kaya't mangagaliwan kayo sa isa't isa ng mga salitang ito." (1 Tesalonica 4:13-18 KJV)*** Dito ipinapabatid sa atin na kapag bumalik si Jesus, ay dadalhin Niya ang mga nangatutulog kasama Niya gaya ng nasa talata 14, ***"14 Sapagka't kung tayo'y nagsisisampalatayang si Jesus ay namatay at nabuhay na maguli, ay gayon din naman ang nangatutulog kay Jesus ay dadalhin ng Dios na kasama niya." (1 Tesalonica 4:14 KJV)*** Ito ay nangangahulugang tanging ang mga mananampalataya kay Cristo lamang ang mabubuhay muli kapag Siya ay dumating. Ang mga mananampalatayang namatay kay Cristo ay unang babangon tulad ng sa talata 16. ***"16 Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli;" (1 Tesalonica 4:16 KJV)*** Ngunit tayo na mga mananampalataya kay Cristo na nabubuhay pa sa Kanyang pangalawang pagdating, gaya ng nasa talata 17, na nabubuhay pa, ay hindi muling bubuhayin, kundi tayo ay kukunin kasama nila sa mga ulap, upang tayong lahat ay makatagpo ang Panginoon sa alapaap. Ito ay tinatawag na rapture ayon sa paglalarawan ni Pablo sa atin sa talata 17, ***"17 Kung magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man." (1 Teaslonica 4:17 KJV)***

Ang lahat ng natitirang patay na masama ay bubuhayin din pagkatapos ng Millennial na pamumuno, ang isang libong taon ng pamumuno ni Cristo sa lupa, upang tumayo sa harap ng dakilang puting trono ng paghuhukom ng Dios para sa pangwakas na paghuhukom, ***"11 At nakita ko ang isang malaking luklukang maputi, at ang nakaluklok doon, na sa kaniyang harapan, ang lupa at ang langit ay tumakas; at walang nasumpungang kalalagyan nila. 12 At nakita ko ang mga patay, malalaki at maliliit, na nangakatayo sa harapan ng luklukan; at nangabuksan ang mga aklat: at nabuksan ang ibang aklat, na siyang aklat ng buhay: at ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa. 13 At ibinigay ng dagat ang mga patay na nasa kaniya; at ibinigay ng kamatayan at ng Hades ang mga patay na nasa kanila: at sila'y hinatulan bawa't tao ayon sa kanikaniyang mga gawa. 14 At ang kamatayan at ang Hades ay ibinulid sa dagatdagatang apoy. Ito ang ikalawang kamatayan, sa makatuwid ay ang dagatdagatang apoy. 15 At kung ang sinoman ay hindi nasumpungang nakasulat sa aklat ng buhay, ay ibinulid sa dagatdagatang apoy." (Pahayag 20:11-15 KJV)***

Ngayon ay pag-uusapan natin ang paghuhukom. Ang Dios ang siyang hahatol sa atin, sapagkat ang paghuhukom ay kabilang sa Dios. Ang Dios Ama ang hukom ng buong mundo. Sinasabi sa ***1 Pedro 1:17*** na ang Ama ay humahatol ayon sa gawa ng bawat tao, na nangangahulugang Siya ay humahatol nang patas, ***"17 At kung inyong tinatawagan, na Ama, siyang walang itinatanging tao, na humahatol ayon sa gawa ng bawa't isa, ay gugulin ninyo sa takot ang panahon ng inyong pangingibang bayan:" (1 Pedro 1:17 KJV)*** Ngunit pinili ng Dios na ipahintulot ang Kanyang Anak, si Jesus, na humatol. Sinabi sa ***Juan 5:22-23*** na walang hinahatulan ang Ama kundi ipinagkatiwala lahat ng paghatol sa Kanyang Anak. ***"22 Sapagka't ang Ama'y hindi humahatol sa kanino mang tao, kundi ipinagkaloob niya sa Anak ang buong paghatol; 23 Upang papurihan ng lahat ang Anak, na gaya rin ng kanilang pagpapapuri sa Ama. Ang hindi nagpapapuri sa Anak ay hindi nagpapapuri sa Ama na sa kaniya'y nagsugo." (Juan 5:22-23 KJV)***

***3.*** Gayunpaman, si Jesus ang magbibigay ng huling kapangyarihan para sa paghuhukom sa Salita ng Dios. Sinabi Niya sa ***Juan 12:47-48*** na ang mismong Salita na Kanyang sinabi ang hahatol sa tao sa huling araw, sa Araw ng Paghuhukom. ***"47 At kung ang sinomang tao'y nakikinig sa aking mga pananalita, at hindi ingatan, ay hindi ko siya hinahatulan: sapagka't hindi ako naparito upang humatol sa sanglibutan, kundi upang iligtas ang sanglibutan. 48 Ang nagtatakuwil sa akin, at hindi tumatanggap sa aking mga pananalita, ay mayroong isang hahatol sa kaniya: ang salitang aking sinalita, ay siyang sa kaniya'y hahatol sa huling araw." (Juan 12:47-48 KJV)***

Paano tayo hahatulan?

***1. Hahatulan tayo ayon sa kaotohanan, "1 Dahil dito'y wala kang madadahilan, Oh tao, sino ka man na humahatol: sapagka't sa iyong paghatol sa iba, ay ang iyong sarili ang hinahatulan mo; sapagka't ikaw na humahatol ay gumagawa ka ng gayon ding mga bagay. 2 At nalalaman natin na ang hatol ng Dios ay ayon sa katotohanan laban sa kanila na mga nagsisigawa ng gayong mga bagay." (Roma 2:1,2 KJV)***

***2. Hahatulan tayo ayon sa ating ginawa, "6 Na siya ang magbibigay sa bawa't tao ayon sa kaniyang mga gawa:" (Roma 2:6 KJV)***

***3. Hahatulan tayo ng walang pagtatangi sa tao, "11 Sapagka't ang Dios ay hindi nagtatangi ng mga tao." (Roma 2:11 KJV)***

***4. Hahatulan tayo sa ating kaalaman sa Salita ng Dios, "12 Sapagka't ang lahat ng nangagkasala ng walang kautusan ay mangapapahamak din naman ng walang kautusan: at ang lahat na nangagkasala sa ilalim ng***

***kautusan ay sa kautusan din sila hahatulan;" (Roma 2:12 KJV)*** Bawat tao ay hahatulan batay sa pagkakataon para sa espirituwal na kaliwanagan at pang-unawa na ibinigay sa kanya, ayon sa natanggap niya mula sa Salita ng Diyos.

Paano hahatulan nang magkaiba ang mga tunay na mananampalataya at ang mga hindi mananampalataya?

***1. Ang walang hanggang paghuhukom sa mga tunay na mananampalataya ay hindi hahatulan ng kaparusahan.*** Tayo na mga tunay na mananampalataya ay lampas na sa kamatayan patungo sa buhay, ***"24 Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang dumirinig ng aking salita, at sumasampalataya sa kaniya na nagsugo sa akin, ay may buhay na walang hanggan, at hindi mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa kabuhayan mula sa kamatayan." (Juan 5:24 KJV)*** ay hindi hahatulan, ***"18 Ang sumasampalataya sa kaniya ay hindi hinahatulan; ang hindi sumasampalataya ay hinatulan na, sapagka't hindi siya sumampalataya sa pangalan ng bugtong na Anak ng Dios." (Juan 3:18 KJV) Roma 8:1*** sinasabi na tayo na mga tunay na mananampalataya ay hindi na kabilang sa hatol. ***"Ngayon nga'y wala nang anomang hatol sa mga na kay Cristo Jesus." (Roma 8:1 KJV)*** Kapag taos-puso tayong nagsisisi sa ating mga kasalanan, tayo ay pinapatawad., ***"25 Ako, ako nga ay siyang pumapawi ng iyong mga pagsalangsang alang-alang sa akin; at hindi ko aalalahanin ang iyong mga kasalanan." (Isaias 43:25 KJV)***

***2. Ang mga tunay na mananampalataya ay hahatulan para sa gantimpala kung ang kanilang mga gawa ay mananatili.*** Ang ating mga gawa ay hahatulan upang matukoy ang kanilang mga katangian, ang pundasyong ating itinayo, at ang mga materyales na ginamit natin. ***"11 Sapagka't sinoman ay hindi makapaglalagay ng ibang pinagsasaligan, kundi ang nalalagay na, na ito'y si Cristo Jesus. 12 Datapuwa't kung ang sinoma'y magtatayo sa ibabaw ng pinagsasaligang ito ng ginto, pilak, mga mahahalagang bato, kahoy, tuyong dayam; 13 Ang gawa ng bawa't isa ay mahahayag: sapagka't ang araw ang magsasaysay, sapagka't sa pamamagitan ng apoy inihahayag; at ang apoy rin ang susubok sa gawa ng bawa't isa kung ano yaon. 14 Kung ang gawa ng sinoman ay manatili, na kaniyang itinayo sa ibabaw niyaon, siya'y tatanggap ng kagantihan. 15 Kung ang gawa ng sinoman ay masunog, ay malulugi siya: nguni't siya sa kaniyang sarili ay maliligtas; gayon ma'y tulad sa pamamagitan ng apoy." (1 Corinto 3:11-15KJV)*** Ang paghatol na ito ay magaganap at mangyayari sa haraoan ng hukuman ni Cristo, ***"10 Sapagka't tayong lahat ay kinakailangang mahayag sa harapan ng hukuman ni Cristo; upang tumanggap ang bawa't isa ng mga bagay na ginawa sa pamamagitan ng katawan, ayon sa ginawa niya, maging mabuti o masama." (2 Corinto 5:10 KJV)*** Ang ating serbisyo ay hahatulan ayon sa ating nagawa gamit ang mga talento na ibinigay sa atin, tulad ng ating mababasa sa talinghaga ng mga talent, ***"14 Sapagka't tulad sa isang tao, na nang paroroon sa ibang lupain, ay tinawag ang kaniyang sariling mga alipin, at ipinamahala sa kanila ang kaniyang mga pag-aari. 15 At ang isa'y binigyan niya ng limang talento, ang isa'y dalawa, at ang isa'y isa; sa bawa't isa'y ayon sa kanikaniyang kaya; at siya'y yumaon sa kaniyang paglalakbay. 16 Ang tumanggap ng limang talento pagdaka'y yumaon at ipinangalakal niya ang mga yaon, at siya'y nakinabang ng lima pang talent. 17 Sa gayon ding paraan ang tumanggap ng dalawa ay nakinabang ng ibang dalawa pa. 18 Datapuwa't ang tumanggap ng isa ay yumaon at humukay sa lupa, at itinago ang salapi ng kaniyang panginoon. 19 Pagkatapos nga ng mahabang panahon, ay dumating ang panginoon ng mga aliping yaon, at nakipaghusay sa kanila. 20 At ang tumanggap ng limang talento ay lumapit at nagdala ng lima pang talento, na nagsasabi, Panginoon, binigyan mo ako ng limang talento: narito, ako'y nakinabang ng lima pang talent. 21 Sinabi sa kaniya ng kaniyang panginoon, Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin: nagtapat ka sa kakaunting bagay, pamamahalain kita sa maraming bagay; pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon. 22 At lumapit naman ang tumanggap ng dalawang talento at sinabi, Panginoon, binigyan mo ako ng dalawang talento: narito, ako'y nakinabang ng dalawa pang talent. 23 Sinabi sa kaniya ng kaniyang panginoon, Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin: nagtapat ka sa kakaunting bagay, pamamahalain kita sa maraming bagay; pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon. 24 At lumapit naman ang tumanggap ng isang talento at sinabi, Panginoon, nakikilala kita na ikaw ay taong mapagmatigas, na gumagapas ka doon sa hindi mo hinasikan, at nagaani ka doon sa hindi mo sinabugan; 25 At ako'y natakot, at ako'y yumaon at aking itinago sa lupa ang talento mo: narito, nasa iyo ang iyong sarili. 26 Datapuwa't sumagot ang kaniyang panginoon at sinabi sa kaniya, Ikaw na aliping masama at tamad, nalalaman mong ako'y gumagapas sa hindi ko hinasikan, at nagaani doon sa hindi ko sinabugan; 27 Gayon pala'y ibinigay mo sana ang aking salapi sa nagsisipangalakal ng salapi, at nang sa aking pagdating ay tinanggap ko sana ang ganang akin pati ng pakinabang. 28 Alisin nga ninyo sa kaniya ang talento, at ibigay ninyo sa may sangpung talent. 29 Sapagka't ang bawa't mayroon ay bibigyan, at siya'y magkakaroon ng sagana: nguni't ang wala, pati pa nang nasa kaniya ay aalisin sa kaniya. 30 At ang aliping walang kabuluhan ay inyong itapon sa kadiliman sa labas: diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin." (Mateo 25:14-30 KJV)*** Ang matuwid ay gagantimpalaan at ang masasama ay hahatulan. Ang mga matuwid ay yaong naglilingkod sa Dios ayon sa Kanyang Salita. ***"18 Kung magkagayo'y manunumbalik kayo at makikilala ninyo ang matuwid at ang masama, yaong naglilingkod sa Dios at yaong hindi naglilingkod sa kaniya." (Malakias 3:18 KJV)***

Ang huling paghuhukom para sa mga di mananampalataya at sa mga hindi kabilang sa mga tunay na mananampalataya ay magtatapos sa lahat ng mga kasalanan at pag-aalsa laban sa Dios, at sila'y ihahagis sa dagatdagatang apoy na siyang ikalawang kamatayan. ***"14 At ang kamatayan at ang Hades ay ibinulid sa dagatdagatang apoy. Ito ang ikalawang kamatayan, sa makatuwid ay ang dagatdagatang apoy. 15 At kung ang sinoman ay hindi nasumpungang nakasulat sa aklat ng buhay, ay ibinulid sa dagatdagatang apoy." (Pahayag 20:14-15 KJV)*** Ang ikalawang kamatayan ay pagpaparusa sa mga hindi na sa di mananampalataya sa walang hanggang apoy.

Ang kamatayan ang huling kaaway na lilipulin kapag ito ay inihagis sa dagatdagatang apoy, at pagkatapos nito, ibibigay ni Jesus ang kaharian sa Kanyang Ama. ***"24 Kung magkagayo'y darating ang wakas, pagka ibibigay na niya ang kaharian sa Dios, sa makatuwid baga'y sa Ama; pagka lilipulin na niya ang lahat ng paghahari, at lahat ng kapamahalaan at kapangyarihan. 25 Sapagka't kinakailangang siya'y maghari hanggang mailagay niya sa ilalim ng kaniyang mga talampakan ang lahat niyang mga kaaway. 26 Ang kahulihulihang kaaway na lilipulin ay ang kamatayan." (1 Corinto 15:24-26 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Mag-ingat tayo sa ating narinig at pinag-aralan. Panahon na upang matakot ka sa Dios at ganap na sumunod sa Kanyang kalooban. Panahon na upang magsisi ka sa lahat ng iyong mga kasalanan at simulan mong gawin ang itinakda sa iyo upang maging handa ka kapag dumating si Cristo upang dalhin tayo sa Kaniya sa Langit.

Manalangin tayo ...

***Ang aking Panalangin:*** *Amang nasa Langit, Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay para sa aking mga kasalanan sa krus, at nabuhay muli sa ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa Iyong Salita na nagbigay sa akin ng lakas ng loob na ipagpatuloy ang paglakad sa Iyong mga landas at magtiyaga upang ipagpatuloy ang paggawa ng Iyong kalooban. Panginoon, salamat sa lahat ng mga turo, pagsaway, pagwawasto at mga paalaala na natanggap namin sa mensaheng ito.*

*Ipagtapat at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipagtapat ang iyong pagsuway at paghihimagsik laban sa Dios at sa Kanya Salita. Ipagtapat at talikdan ang lahat ng gawa ng laman at paggawa ng sarili mong kalooban. Ipagtapat at talikdan ang iyong walang kagustuhang isuko ang iyong kalooban sa Dios. Ipagtapat at talikdan ang iyong hindi pagnanais na paglingkuran ang Dios at magtiis para kay Cristo. Magsisi sa iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at kakulangan ng panalangin. Magsisi sa iyong pakikisama sa mga kaibigan, hindi mananampalataya, at sa Media, Balita at mga laro. Panginoon, patawarin mo ako, nagsisisi ako at tinatalikdan ang mga sumusunod na kasalanan* ________________________________________ .

*Panginoon, Ipinagkakaloob ko sa iyo ang aking buhay at ang aking kalooban at ipinapangako ko ng aking buhay upang mabuhay para sa iyo, upang mabuhay sa kabanalan, malayo sa kasalanan at malayo sa paggawa ng aking sariling kalooban. Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili sa paglilingkod sa iyo, at ako'y handang magdusa para sa iyo. Panginoon, patatagin mo ako sa pamamagitan ng iyong biyaya, protektahan mo ako at tugunan ang lahat ng aking pangangailangan upang patuloy akong makapaglingkod sa iyo at maging handa na sumama sa iyo sa iyong pagdating, ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus Amen.*

*Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at isinuko ang kanilang buhay at kalooban sa iyo. Panginoon, pagpalain mo sila, patatagin sila sa iyong biyaya, protektahan sila at tugunan ang kanilang mga pangangailangan. Panginoon, puspusin mo sila ng Banal na Espiritu at ipagkaloob ang mga Espirituwal na kaloob na kanilang kailangan sa kanilang buhay at gamitin sila upang paglingkuran ka at magbigay ng magandang halimbawa sa iba upang sundan ka.*

*Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan at tulungan kaming magpatuloy at maglingkod sa iyo sa pagpapahayag ng iyong Salita at iyong kalooban sa mga tao. Panginoon puspusin kaming muli ng iyong Banal na Espiritu at bigyan kami ng Espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang paglingkuran ka. Panginoon patuloy mo kaming pangunahan na mangaral at maabot ang mga bagong lugar at bagong tao sa pamamagitan ng evangelio ni Jesus. Panginoon, tulungan mo kaming patuloy na gumawa ng mga bagong disipulo, sanayin ang mga bagong manggagawa, magtatag ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at mga bagong kongregasyon para sa simbahan. Panginoon, nananalangin kami para sa mas maraming tao na mabautismuhan sa tubig at makatanggap ang bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, ihanda mo kami para sa iyong pagdating upang maging handa kaming sumama sa iyo kapag dumating ka upang kami ay kunin. Panginoon, dalhin ang mensahe at ipalaganap ito. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com